
# Protektahan Ninyo Ang Inyong Mga Anak!

Aklat-Aralin para sa mga Magulang at Tagapag-Alaga sa Panahon ng Smartphone






"C-POC"

Chiba Prefectural Police Mascot Character

<Talaorasan (Listahan ng Nilalaman) >


| | |
|---|---|
| 1st Period | Ang mga bata na namumuhay sa panahon ng smartphone |
| 2nd Period | Paraan ng paggamit ng smartphone ng mga bata |
| 3rd Period | Kalagayan sa krimen o kaguluhan na may kaugnayan sa social media at iba pa |
| 4th Period | Anong uri ng pinsala ang dinanas ng mga bata? |
| 5th Period | Upang gamitin nang tama ang social media at iba pa |
| 6th Period | Upang protektahan ang inyong mga anak mula sa krimen at iba pa |
| Homeroom | Gumawa tayo ng mga alituntunin at iba pa |


## (Inisyu ng) Chiba Prefectural Police

Chiba Police Website

Upang protektahan ang inyong anak

(Sa Magulang at Tagapag-Alaga)

## "Paraan ng tamang paggamit" ng smartphone

Gaano na katagal ang nakalipas mula noon nagsimula kaming gumamit ng smartphone?

Siguro, maraming nag-iisip na "Hindi na makakabalik sa panahon na walang smartphone sa pamumuhay!" kahit wala pang smartphone higit sa 10 taon na ang nakakaraan hanggang ngayon.

Hindi katulad namin, nasasanay ang mga bata na madaling nakikita ang smartphone sa pamumuhay mula noon sanggol pa sila. Sa madaling salita, ang kabataan sa kasalukuyan ay namumuhay sa "Panahon ng Smartphone".

Sa iba't-ibang lugar, madalas na nakikita ang maliit na bata na hawak ang smartphone.

Ang galing talaga ng bata. Agad nilang nagagamit ang smartphone nang mas magaling kaysa sa amin habang ginagaya nila ang aming paraan ng paggamit.

Ngunit hindi pa nila alam ang "paraan ng tamang paggamit" ng smartphone kahit mas magaling sila kaysa sa amin.

Siya nga pala, alam ba namin ang "paraan ng tamang paggamit"?

Hindi katulad ng Cyberspace na kahit sino maaaring gumamit sa pamamagitan ng smartphone, sa Real World ay itinuturo namin ang iba't ibang bagay ayon sa kaunlaran ng bawa't bata.

Halimbawa, ang mga itinuturo namin sa Real World ay paraan ng paglalakad sa daan, paraan ng pagsakay ng bisikleta, patakaran na "Huwag sundin ang taong hindi kakilala" at iba pa.

Sa kabila nito, ano ang itinuturo namin sa Cyberspace? Laban sa inyong anak, itinuturo ba ang paraan ng tamang paggamit ng smartphone, panganib ng Cyberspace, solusyon kung magkakaproblema at iba pa?



## Panahon na maaaring kumonekta sa internet sa pamamagitan ng iba't ibang klaseng kagamitan

Dito sa aklat-aralin, tinatawag na "smartphone" ang kagamitan na may konektado sa internet.

Ngunit maraming ibang kagamitan na maaaring kumonekta sa internet tulad ng kompyuter, tableta, feature phone, gaming device, TV at iba pa. Kahit natapos na ang kontrata ng smartphone ay maaarig kumonekta sa internet kung may Wi-Fi.

Tulad nito, maraming kagamitan na maaaring kumonekta sa internet kaya hindi lang smartphone, kundi pati ibang kagamitan ang may posibilidad na maging dahilan ng pinsala na nakasulat sa susunod.

Mangyaring itsek kung ilang ang kagamitan na maaaring kumonekta sa internet sa inyong bahay.



**Mag-aral tayo upang ituro ang paraan ng tamang paggamit sa bata.**

## Ano ang ginagawa ng mga bata sa smartphone?

Sa kasalukuyang panahon, anong ginagawa ng mga bata sa smartphone?

Nagtanong ako sa mga bata tungkol dito.

**☆Social Media ☆Online Game ☆Panonood ng Video**

Ayon sa kanilang sagot, aliwan o libangan daw ang pangunahing layunin.

Sa pamamagitan ng internet, kumokonekta ang mga bata sa tunay na kaibigan o taong mag-share ng libangan at iba pang mga interes. Sa kabila nito, sila ay may posibilidad na nakakakonekta sa delikadong tao na may masamang isip nang hindi nila namalayan.

Ang mga bata ay may posibilidad na ipaalam ang pangalan o numero ng telepono, ipadala ang litrato at makipagkita sa isang tao na nakilala sa internet nang walang duda.






## Social Media at Online Game na ginagamit ng mga bata

**〇X(dating Twitter)**

Ito ay ginagamit upang magpaalam o mangolekta ng impormasyon. Maaaring ipost o ishare ang maiksing sentensya, larawan at video. Bukod dito, may tungkulin na ipadala ang comment o mensahe nang deretso laban sa post.

**〇Instagram**

Maaaring ipost o ishare ang larawan, video, comment at mensahe. "INSTA-BAE"(Instagramable) ang isang sikat na coined word ng wikang Hapon tungkol dito. Bukod dito, "stories" ang isang tungkulin na maipost ang larawan at video nang pansamantalang hindi higit sa 24 oras.

**〇TikTok**

Bukod sa tungkulin na ipost o ishare ang short video, maaari ding kunin o i-edit ang movie sa pamamagitan ng app na ito.

**〇Dating apps at Chatting apps**

Maaaring tumawag o makipag-chat sa ibang tao na nakilala sa pamamagitan ng apps na ito. Kadalasan, nililimitahan na gamitin ito upang makipag-date.

**〇Online Game**

Ito ang isang klase ng game na kailangang kumonekta sa internet sa pamamagitan ng smartphone, tableta at kompyuter. Hindi kailangang magbayad para sa normal na paglalaro ngunit kadalasan may systema ng pagbabayd ng ekstra.

**[Problema]**

Sa social media, mataas ang posibilidad na madamay sa kaguluhan o krimen kung gagamitin ito upang manira, magpost nang hindi tama at makipag-date.

Sa online game, paminsan -minsan nakikita ang problema na magbayad ng mahal, adik sa game at iba pa.




Hindi masama ang Social Media at Online Game, may problema sa paraan ng paggamit.

## Halimbawa ng pinsala

- Ang isang babae na si A ay nakipagkilala sa isang babae (sa totoo lang, siya ay lalaki) sa pamamagitan ng social media. Habang kinokonsulta ni A sa kanya ang pag-aalala tungkol sa itsura at iba pa, ipinapadala na ring ang litrato ng mukha o naka-underwear. Pagkatapos nito, si A ay nagpadala ng hubad na larawan sa babaeng ito kasi tinakot si A na "Ipadala mo ang hubad na larawan kung ayaw mong ipakalat ang litrato na naka-underwear".
- Ang isang lalaki na si B ay nakipagkilala sa isang babae sa pamamagitan ng social media. Si B ay inaya ng babaeng ito na magpalitan ng hubad na larawan kaya nagpadala siya ng kinuha niyang litrato na nakalarawan ang sariling ari. Pagkatapos nito, tinakot si B na "Kung hindi ka magbabayad ng pera, ikakalat ang nakakahiya mong litrato".
- Ang isang babae na si C ay nakipagkilala sa isang lalaki sa pamamagitan ng online game na maka-download nang libre. Sa chat, inaya si C na "Maglaro tayo ng game" kaya nagkita sila sa malapit ng bahay ni C. Pagkatapos nito, itinali ang mga kamay at paa ni C sa loob ng kotse at saka nakulong siya sa bahay ng lalaking ito.
- Lumayas ang isang babae na si D at saka sa pamamagitan ng social media, nahanap niya ang isang lalaki na magpatuloy sa bahay. Pagkatapos nito, ginawan si D ng kalaswaan imbes na patuluyin.

## Halimbawa ng paggamit nang hindi tama

- Ang isang lalaki na si E ay kumuha at nagpost ng isang litrato bilang biro kasama ang kabarkada. Dito sa litrato, nakalarawan ang sitwasyon na nakatagilid si D sa loob ng showcase ng sorbetes sa convenience store. Pagkataos ng ilang araw, si D ay kinasuhan ng store na ito sa pagkakasala tungkol sa paggamit ng kapangyarihan o puwesto panghadlang sa gawain ng iba.
- Ang isang lalaki na si F ay nagbabayad ng pera sa panggastos upang makuha ang limitadong karakter o item sa social network game. Tuwing may dagdag na karakter o item sa game, si F ay patuloy na bumibili gamit ang pera niyang ninakaw mula sa kanayng magulang. Nang nabisito ang ginawa ni F, ang lahat niyang ginastos sa game ay higit sa 500,000 yen.
- Ang isang babae na si G ay adik sa smartphone kasi sobra-sobra ang kadalasan niyang panonood ng movie at paglalaro sa game. Dahil dito, nakabaliktad ang araw at gabi(day-night reversal) sa pamumuhay niya at saka hindi na siya pumasok sa eskuwelahan. Tinangkang tanggalin ng kanyang magulang ang smartphone niya ngunit mula noong panahong iyon, si G ay nagsimulang magwala at manakit sa kanila.
- Ang isang lalaki na si H ay nagpost sa social media ng isang composite photo na ginawa niya gamit ang litrato ng mukha ng isang talent at litrato ng katawan ng ibang taong nakahubad. Dahil dito, si H ay kinasuhan ng talent na ito sa pagkakasala tungkol sa paninirang-puri.
- Ang isang babae na si I ay nagpost ng isang mensahe sa social media na "Pangit ka(biktima)talaga, mamatay ka na" laban sa biktima. Pagkatapos nito, si I ay kinasuhan ng biktimang ito sa pagkakasala tungkol sa pang-iinsulto ng kapwa tao.







## Karaniwang katangian ng bata na madamay sa kaguluhan o kaso

○ **Kahit sino ay maaaring mabiktima.**

Hindi lamang masama o pasaway na bata ang nabibiktima, may posibilidad kahit sino.

○ **Madaling lokohin at mabiktima ang bata na naniniwala nang walang duda sa impormasyon sa internet.**

Iniisip nila na madaling makipagkaibigan o makaramdam ng hilig sa ibang tao kahit hindi kakilala kung may parehong katangian tulad ng libangan.

○ **Nabibiktima ang bata na walang alituntunin sa paggamit ng smartphone o internet.**

Tungkol sa mga bata na walang alituntunin ng oras at lugar ng paggamit ng smartphone sa tahanan, madali silang nabibiktima dahil walang nililimitahan. Sa madaling salita, hindi pagmamalabis na sabihing ang dahilan ng pagkakagulo ng mga bata ay pagwawalang-bahala ng mga magulang sa kanila.



**Maaaring mabiktima ang lahat ng bata o tahanan sa internet.**

# 4th Period  Anong uri ng pinsala ang dinanas ng mga bata?

## Kaso 1:  Nagpapadala ng self-portrait

① Sa Social Media, nakilala ang babaeng bata na may katulad na interes.

② Siya ay nagpadala ng isang picture at sinabi "ipadala mo rin sa akin ang iyo" kaya nagpadala ako rin ng self-portrait.

③ Pinadalhin ako ng bata ng picture nya naka-underwear kaya ganun din ako ginawa.

Susunod hiniling nya sa akin na magpadala ng isang hubad na larawan, hindi ito posible kaya di ko ginawa iyon.

④ Yung babae biglang nagbago at ako ay pinagbantaan na "Kung ayaw mong ipamahagi ang iyong naka-underwear, ipadala sa aking ang iyong hubad na larawan", at ikaw ay sumunod.

( Isang lalaki ang nagpapanggap na batang babae)

Paborito ko si ★★★. Sa Chiba ako, 2nd year high school.




Magkasing-edad lang kami, pareho din ang paborito natin, Baka maging mabuting magkaibigan tayo.

Ipapadala rin ako sa iyo!!

Ipadala mo ang litrato.

Magpapadala rin ako mamaya kaya ipakita mo ang hubad na larawan.

Tatanggi ako kasi ayaw na hubad na larawan.

Padalhin mo ako ng hubad o ikakalat ko silang lahat

## Kaso 2:  Nung nakipagkita ako sa lalaking nakilala ko, nakakulong ako.

① Sa isang multi-play-online game, kilalanin ang isang taong hindi mo kilala kung sino.

② Naging mag kaibiigan habang nagkausap sa chat ng game, kumuha rin ng item.

③ Isang araw habang nag-chachat, may invitation na "Magkita tayo sa susunod at maglaro ang game" at nangako kang nagkita.

④ Kapag sumakay ka sa kanyang kotse habang iniimbita-han ka ng tao, banta na "Manahimik ka!" at tinatalian ng adhesive tape ang mga braso mo at iba pa at mamaya dinala sa bahay ng lalaki at makulong.

Gusto ko bumuo ng isang malakas na team




Ikinagagalak kong makilala ka

Magpalitan tayo ng mga item. Bibigyan kita ng bihira

Napakabait niyang tao para bigyan ako ng magandang item.

Excited na akong nakita siya

Napakabait niya noong laro

Tulungan mo ako!



※ ANG TAONG NASA KABILANG PANIG NG INTERNET AY MAAARING ISANG MASAMANG TAO NA NAGPAPANGGAP NA ISANG MABUTING TAO.

## Ano ang mga bagay na hindi dapat gawin sa smartphone?

Hindi namin iniisip na dapat ninyong pagbawalan ang mga bata sa paggamit ng smartphone. Mangyaring turuan sila kung ano ang hindi dapat gawin upang lumayo sila sa anumang panganib bago sila bigyan ng smartphone.

- Huwag kang magpost ng personal information tulad ng pangalan, address, edad, at saka iba pang impormasyon tulad ng litrato ng mukha, pangalan ng eskwelahan, o pangalan ng club, na maaaring humantong sa pagkakakilanlan ng indibidwal (huwag mong gawin ito hindi lamang tungkol sa iyong sarili, kundi pati na rin tungkol sa iyong mga kaibigan at iyong pamilya).
- Huwag kang mag-post ng mga larawan na may impormasyon ng lokasyon (i-off ang setting ng lokasyon sa app ng iyong camera). Maaaring gamitin ang mga bagay na nasa litrato tulad ng tanawin upang tukuyin ang personal information, kaya mag-ingat ka nang mabuti sa pagkuha ng litrato o movie.
- Huwag kang manirang-puri sa social media tulad manira ng kaibigan at iba pa(Depende sa nilalaman mong ipinost sa trouble na ito, may posibilidad ka na maging maysala sa krimen).
- Huwag kang maniwala nang madali sa impormasyon sa internet.
- Huwag kang kumuha, magpakuha o magpadala ng mga litrato na hubad o naka-underwear (hindi puwedeng gawin ito kahit na ng iyong kasintahan).
- Huwag kang makipag-usap sa telepono o makipagpalitan ng mga mensahe sa mga taong nakilala mo sa internet, at huwag na huwag kang makipagkita sa kanila (ang mga masamang tao ay maaaring magkunwaring mabuting tao).




## Mga bagay na dapat gawin ng mga magulang at tagapag-alaga

Kung bumili kayo ng bisikleta para sa inyong anak, tapos na ba doon ang inyong tungkulin? Hindi ba ninyo siya tutulungan sa pagpapraktis hanggang sa matuto siyang sumakay ng bisikleta nang ligtas?

Hindi ba parehas din ang pagbibigay ng smartphone? Ang mga magulang at tagapag-alaga ay may responsibilidad na turuan ang mga anak nila kung paano gumamit ng smartphone nang tama upang hindi sila mabiktima.

### ○ Ituro sa inyong anak na ang mga magulang ay may-ari ng smartphone.

Ang mga magulang o tagapag-alaga ang subscriber ng smartphone o iba pang serbisyo. Ipa-unawa ninyo sa inyong anak na "Ang mga magulang ang nagpapahiram", at gumawa kayo ng mga alituntunin at magpasunod sa kanya. At saka ang password ay dapat mamahala ng mga magulang o tagapag-alaga.
(Tingnan ninyo ang susunod na pahina "6th Period" para sa mga tip tungkol sa kung paano gumawa ng mga alituntunin.)

### ○ Turuan ninyo ang inyong anak tungkol sa panganib.

Turuan ninyo ang inyong anak na mahirap makilala kung sino ang mabuting tao sa mga masamang tao. Sabihin din ninyo sa kanya na talagang mayroong mga batang kasing edad niya na nagiging biktima at siya rin ay maaaring maging biktima.

### ○ Ipaalam ninyo sa kanya na hindi siya makakawala dahil sa kanyang "anonymity".

Ipaalam ninyo sa kanya na hindi puwedeng gawin ang lahat ng gusto niyang gawin dahil sa hindi nakikita ang kanyang mukha at anonymity. Ang mga masamang bagay sa real world ay hindi rin dapat gawin sa cyber world. Ang cyberbullying ay hindi mapatatawad. Ang masamang bagay ay siguradong mabubunyag.

### ○ Magpaturo kayo sa inyong anak tungkol sa mga bagay na hindi ninyo alam.

Maging interesado kayo sa mga app at game na ginagamit ng inyong anak. Kung hindi ninyo alam ang kanilang ginagamit na bagay, magtanong at magpaturo kayo sa iyong anak. Alamin ninyo kung anong function ang mayroon sa mga app at game na ginagamit ng inyong anak, at gamitin ninyo sa sarili ninyo ang mga iyon at maranasan ninyo kung gaano kanganib, pagkatapos ay turuan ninyo ang inyong anak sa sarili ninyong salita tungkol sa "Panganib sa Paggamit ng Smartphone".



Siguro ay alam ng mga bata ang saya ng paggamit ng smartphone, ngunit hindi nila alam ang panganib.

## 6 th Period　Upang protektahan ang inyong mga anak mula sa krimen at iba pa

### Paggawa ng mga alituntunin sa tahanan

Gumawa kayo ng mga alituntunin sa bahay para sa paggamit ng internet na angkop sa edad ng inyong anak upang gamitin ang internet nang ligtas.

Ang importante ay talakayin ng buong pamilya at gawin ang mga alituntunin. At saka, ang pagsunod ng mga matandang miyembro ng pamilya sa mga alituntunin ay importante.

#### Mga Tip Upang Gawin Ang Mga Alituntunin

●Gawin ang mga alituntunin bago bigyan ng smart phone ang inyong anak.

●Talakayin ng magulang at anak at gawin ang mga alituntunin.

●Sa simula ay magtakda kayo ng mas mahigpit na alituntunin (pagkatapos ay maaaring paluwagin).

●Isulat sa papel ang mga alituntunin at idikit sa lugar na makikita ng lahat.

●Baguhin ang mga alituntunin paminsan-minsan.

Mga Alituntunin sa Aming Pamilya




#### Mga bagay na isama sa mga alituntunin (Baguhin depende sa edad ng inyong anak)

●Limitahan ang oras ng paggamit. (Halimbawa: Bawal gamitin pagkalipas ng 8 p.m.)

●Limitahan ang lugar ng paggamit. (Halimbawa: Puwedeng gamitin sa living room, pero hindi puwedeng dalhin sa sariling kuwarto.)

●Limitahan ang mga contact sa email at social media sa mga kaibigan na nakita nang personal.

●Dapat kumuha ng pahintulot ng magulang upang mag-download ng app at magbayad sa internet.

●Dapat kumunsulta sa mga magulang kapag nangyari ang problema.

※Magiging mas mahusay kung isasama ninyo ang "Mga Bagay na Hindi Dapat Gawin" na nabanggit sa nakaraang pahina.

### Mabisang Paggamit ng Convenient Function

**○Paggamit sa Filtering**

Ang Filtering ay responsibilidad ng mga magulang at tagapag-alaga. Sa pamamagitan ng paggamit ng filtering, maaaring protektahan ang inyong anak mula sa mapanganib na impormasyon, halimbawa ay maaaring mapigilan ang inyong anak na mag-access sa mga mapanganib na website tulad ng porn site, dating site, o website na may kinalaman sa violence o bawal na gamot.

※ Maaari kayong magpa-set-up sa phone shop.　Ang Safety filter（あんしんフィルター）ay isang sikat na serbisyo.

**○Paggamit sa Parental control**

Ang Parental Control ay isang paraan para sa mga magulang at tagapag-alaga upang malaman nila kung paano ginagamit ang smartphone o game console ng kanilang anak. Sa pamamagitan nito, maaari rin nilang limitahan ang oras ng paggamit, makontrol ang pagbabayad sa online game, at suriin kung tama ang age rating ng online game.

※ Mayroong serbisyo tulad ng Family Link ng Google o Screen Time ng Apple.



### Mga magulang, magbago muna tayo.

**Hindi ba kayo gumagamit ng inyong smartphone sa oras ng pakikipag-usap sa inyong anak o pamilya?**

**Hindi ba kayo gumagamit ng inyong smartphone sa oras ng pagkain?**

**Hindi ba kayo gumagamit ng inyong smartphone sa oras ng pakikipaglaro sa inyong anak?**

**Ang mga magulang lamang ang maaaring magprotekta sa kanilang mga anak.**

**Sa bahay, tingnan ninyo ang inyong anak, hindi ang inyong smartphone, at kausapin ninyong mabuti ang inyong anak.**

## Gumawa tayo ng mga alituntunin

Gumawa tayo ng mga ordinaryong alituntunin sa tahanan ayon sa nakaraang pahina na 6th Period: Upang protektahan ang inyong mga anak mula sa krimen.

Pag-usapan at sundin niyo ang alituntunin. At saka baguhin ang mga alituntunin paminsan-minsan.

※ Gupitin ang talaan ng alituntunin na nasa ibaba upang idikit sa lugar na madaling makita sa bahay. Kaya niyong gamitin ito kahit ilang beses kung mangongopya.

### Sumunod tayo! Alituntunin ng smartphone sa ating tahanan



Oras ng paggamit ------------------------------------------

Lugar ng paggamit ------------------------------------------

Ibang alituntunin

- ☐ ------------------------------------------
- ☐ ------------------------------------------
- ☐ ------------------------------------------
- ☐ ------------------------------------------

Petsa ng paggawa ng alituntunin taon buwan araw

Pirma Anak ____________ Magulang o Tagapag-Alaga ____________

## Useful Links

| Chiba Police Website | Para sa lipunan na protekutahan ang kinabukasan ng mga bata | Protektahan ang mga bata mula sa kapanganiban sa Internet | Seguridad ng impormasyon na makapag-aral sa movies | Video Library ~ Kaligtasan at tamang pagpapalaki sa mga bata |
| --- | --- | --- | --- | --- |
| Chiba Police Official YouTube Cannel | The National Police Agency https://www.npa.go.jp/policy_area/no_cp/ | Public Relations Office Government of Japan https://www.gov-online.go.jp/tokusyu/cu_internet_kodomo/index.html | Information-technology Promotion Agency, Japan (IPA) https://www.ipa.go.jp/security/keihatsu/videos/ | Public Interest Incorporated Foundation Japan Police Support Association https://www.keisatukyoukai.or.jp/pages/43/ |

## Konsultasyon

Pinapayuhan ng pulis ang mga bata o kanilang magulang at tagapag-alaga na kumunsulta tungkol sa problema ng kabataan tulad ng pagkadelingkwensya, paglayas, pambubully at kaguluhan o krimen na may kaugnayan sa internet sa pamamagitan ng pagtawag o pagdalaw. Mangyaring kumunsulta sa pagtawag sa Young Telephone o pagdalaw sa pinakamalapit na istasyon ng pulisya.

### Chiba Police Juvenile Center Young Telephone (Konsulta sa Telepono)

・Konsulta mula sa bata na nagkagulo sa social media

・Konsulta mula sa magulang at tagapag-alaga na humihingi ng payo laban sa bata na gumagamit ng smartphone nang hindi tama.

・Konsulta mula sa magulang at tagapag-alaga tungkol sa mental care ng bata na nabiktima

【Toll-free call】 0120-783497

Lunes - Biyernes (maliban sa Piyesta Opisyal)

### Pinakamalapit na Istasyon ng Pulisya

・Konsulta o report ng krime tungkol sa pinsala na takutin, maipadala ang hubad na larawan at iba pa.

【Listahan ng Numero ng Telepono ng Istasyon ng Pulisya】

Chiba Police Website

https://www.police.pref.chiba.jp/police_department/index.html

